# LOKAL NA REGULASYON – COVID 19

# MUNISIPALIDAD NG RAKKESTAD, VIKEN

**PINAGTIBAY NG KONSEHO NG MUNISIPYO**

**NG RAKKESTAD NOONG ENERO 5,2021,**

**KASO 1/21**

Nilalaman

§ 1 Layunin…………………………………………………………………………………3

§ 2 Pagsasara ng lugar pampubliko at mga departamento kung saan nagaganap ang kultura, aliwan o mga aktibidad sa paglilibang…………………………………………………………………………3

§ 3 Limitasyon sa bilang ng mga namimili sa mga tindahan at mga malalaking bilihan ……………………………………………………………………4

§ 4 Transportasyon pampubliko…………………………………………………4

§ 5 Bendahe (face mask) sa mga taksi…………………………………………4

§ 6 Bahay tanggapan at mga aktibidad sa pagpupulong…………………4

§ 7 Tungkulin sa pag gamit ng bendahe (facemask) ………………………5

§ 8 Pag papatupad ng lahat na mga aktibidad at mga pagtitipon……5

§ 9 Kuwarentenas……………………………………………………………………5

§ 10 Tungkulin………………………………………………………………………6

§ 11 Pagpapatupad at tagal ng pag papatupad nito……………………6

## § 1 Layunin

Ang layunin ng regulasyon na ito ay upang matukoy ang kapaki-pakinabang na mga hakbang propesyonal sa pag kontrol sa epidemya. Para maiwasan o hangganan at makontra ang nahawa na ng covid-19 sa populasyon at kabilang ang mga tauhan ng kalusugan, maproteksyonan ang mga mahihina at siguraduhin na ma panatili na sapat ang serbisyo at pangangalaga sa mga residente.

Ang lokal na regulasyon ay dumating kasama sa mga patakaran ng Ministri ng mga Serbisyong Pangkalusugan at pangangalagang regulasyon noong 27 ng marso 2020. Ito ay tungkol sa mga hakbang sa pagkontrol sa epidemya,atbp at sa pagkalat ng corona (covid-19-regulasyon).

## § 2 Ang pag sasara ng mga gusaling pampubliko at gawain kung saan dito nagaganap ang kultura, aliwan o mga aktibidad sa paglilibang.

Ang pampublikong lugar kung saan nagaganap ang kultura-, libangan- o paglilibang sa looban at pinagsasama ang mga tao ay dapat na isara.

Kabilang dito ang mga sumusunod :

a. Mga aktibidad na grupo sa mga gym at iba pang mga katulad nito.
b. Museyo.
c. Sinehan, teatro, venue ng konsyerto at mga lugar pang kultura at libangan.
d. Mga lugar kung saan nagpapatuloy ang mga aktibidad sa libangan at pag lilibang.
e. Mga bahay ng pananampalataya at pilosopiya.
f. Mga bahay paliguan, ngunit ang mga sumusunod sa regulasyon ay maaaring bukas katulad ng:
    1. Paliguan para sa mga estudyante sa elementarya.
    2. Mga rehabilitasyon at pagsasanay o pag ehersisyo na paisa-isa o sa maliit na grupo na may nag aalaga.
    3. Pagamutang indibidwal na kung saan ang bahay paliguan ay bahagi ng pag gagamot.

Ang unang talata ay hindi nalalapat sa mga sumusunod:

a. Mga aktibidad sa bulwagan at gymnasium bilang bahagi ng edukasyon sa elementarya.
b. Libing.
c. Mga galeria at iba pang mga lugar na pinagbibintahan ng mga sining (arts).
d. Mga rehabilitasyon at mga pagsasanay na ginagawa sa gym at iba pang lugar na katulad nito.

**§ 3 Limitasyon sa mga taong pumapasok sa mga maliliit at malalaking bilihan.**

Sa mga tindahan, malalaking pamilihan at iba pang lugar na katulad nito, tiyakin na walang susubra sa pinahihintulutang mga mamili ang papasok at mapapanatili ang hindi bababa sa 2 metro ang layo sa isa`t isa. Pinahihintulutan ang bilang ng mga namimili sa mga nasasakupang lugar batay sa laki nito. Kailangan tiyakin na maipapatupad ang regulasyon at siguraduhing natutupad ito.

**§ 4 Transportasyon pampubliko**

Hinihimok na iwasan ang pag gamit ng transportasyon pampubliko. Gayunpaman ang gagamit ng transportasyon pampubliko ay mag bigay ng espesyal na pansin at susundin ang naaangkop na pambansang panuntunan at mga patnubay sa pag kontrol ng epidemya. At bigyan din ng pansin ang kapwa mga manlalakbay.

Kapag hindi mapanatili ng mga manlalakbay ang isang metrong distansya sa loob ng transportasyon pampubliko, kailangan gumamit ng bendahi o facemask.

Ang tungkulin sa pag gamit ng bendahi o facemask ay hindi nalalapat sa mga batang wala pang 12 taong gulang, at mga

bata sa elementarya o sa mga indibidwal na may sakit

o iba pang kadahilanan na hindi maaaring gumamit ng

bendahi o facemask.

## § 5 Bendahi o facemask sa taksi

Ang mga pasahero ay dapat mag gamit ng bendahi o facemask. Ang bendahi o facemask ay dapat isuot bago sumakay sa taksi at hindi dapat alisin hanggang sa makarating sa lugar na patutunguhan. Tatanggalin lamang ito pag bumaba na sa taksi.

Ang mga taksi drayber ay may obligasyon din na mag suot ng bendahi o facemask kapag sila ay may mga pasahero.

Ang tungkulin sa pag gamit ng bendahi o facemask ay hindi nalalapat sa mga batang wala pang 12 taong gulang at mga mga bata sa elementarya o sa mga indibidwal na may sakit o iba pang mga dahilan na hindi maaaring mag suot nito.

## § 6 Tanggapan sa bahay at pag pupulong

Dapat tiyakin ng mga employer na ang mga empleyado ay makapagtrabaho sa bahay kung kailangan.

Dapat mag karoon ng dokumento galing sa employer na nag papaunawa kung paano isasagawa ito.

Sa ibang kadahilanan nalalapat ang pambansang panuntunan at alituntunin sa pag kontrol ng epidemya sa mga lugar ng trabaho.

**§ 7 Obligasyon sa pag gamit ng bendahi o facemask**

Kapag hindi posible na panatilihin ang isang metrong distansya sa mga lugar publiko, kailangan gumamit ng bendahi o facemask ganon din sa mga bilihan, sa mga karaniwang lugar , mga malalaking bilihan, sa mga restawran, bahay pananampalataya at pilosopiya, at sa mga nasasakupang lugar para sa mga gawaing pangkultura, palakasan at pag lilibang.

Ang obligasyon sa pag gamit ng bendahi o facemask ay hindi nalalapat sa mga nakikibahagi sa pisikal na aktibidad.

Ang obligasyong mag suot ng bendahi o facemask sa unang talata ay tumutugma sa mga emplyado o sa mga lugar na

tumatanggap ng bisita at hindi posible na panatilihin ang isang metrong distansya. (cf. Unang talata)

Hindi ito nalalapat sa mga empleyado o sa mga lugar kung saan ipinatupad ang iba pang mga hakbang sa pag kontrol sa epidemya o sa mga empleyado tulad ng pag gamit ng mga iskrin, partisyon at iba pang mga katulad nito alinsunod sa rekomendasyon ng Department of Health.

Ang tungkulin sa pag gamit ng bendahi o facemask ay hindi nalalapat sa mga batang wala pang 12 taong gulang at mga bata sa elementarya o sa mga indibidwal na may sakit o iba pang dahilan na hindi maaaring gumamit ng bendahi o facemask.
Ang mga rekomendasyon ng National Institute of Public Health sa pag gamit ng bendahi o facemask ay nalalapat at naaayon sa batas.

**§ 8 Pag papatupad sa lahat ng mga kaganapan at pagtitipon**

Ang munisipalidad ng Rakkestad ay sumusunod sa mga pambansang regulasyon at mga hakbang sa pag kontrol sa epidemya atbp. Sa kaso ng pag putok ng corona

(regulasyon ng covid-19) kumpara sa 5 § 13-13e

**Mga regulasyon at mga hakbang sa pag kontrol ng epidemya ,atbp. Sa kaganapan ng pag putok ng corona ( mga regulasyon ng covid-19)**

**Gayunpaman, nag papayo ang** Munisipalidad **ng** Rakkestad na sa 18.1.2021 na gaganapin ulit ang mga aktibidad o pagtitipon.

**§ 9 Kwarentenas**

Ang mga reidente at bisita sa Munisipalidad ng Rakkestad ay dapat sumunod sa mga patakaran ng kwarentenas na may bisa sa anumang oras.

Ang mga residente sa Munisipalidad ng Rakkestad ay dapat gumawa ng mga kaayusan upang sila ay ma-kwarentena sa kanilang sariling tahanan.

## § 10 Pananagutan at responsibilidad

Ang Munisipalidad ng Rakkestad ay hindi umaako ng  responsibilidad  sa pananalapi bilang resulta ng mga ipinataw na mga hakbang.

## § 11 Bisa at  tagal ng pagpapatupad nito

Ang bisa ng regulasyon ay pinatupad noong 5.1.2021 hanggang sa 18.1,2021.